# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 31, 2022, LUNES, IKA-9:44 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |

RECORDED 29 FEB 2022 SANGGUNIANG BAYAN OFFICE Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SB RELEASED NAME DATE 02/27/22 TIME STA. CRUZ L.

**KAPASIYAHAN BLG. 157-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 797-T2021 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 07-T2021 NG BARANGAY NG SAN JOSE, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGTATAAS NG HALAGANG P200.00 BILANG KARAGDAGANG ALLOWANCE NG MGA KATULUNGIN NG BARANGAY ( BHW, BNS, BARANGAY TANOD, ADMIN, CARETAKER, DAYCARE) AT HALAGANG P500 PARA SA BRK KADA ISANG BUWAN PARA SA TAONG 2022.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Jose, Santa Cruz, Laguna sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 797-T2021 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 07-T2021 para sa karagdagang allowance ng mga katulungin ng barangay para sa taong 2022;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pag-aaral ng lupon ay inirekomendang pagtibayin na ito nang naaayon sa Local Budget Circular ng Department of Budget and Management entitled – Position Classification and Compensation of Barangay Officials and Personnel;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay;

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Patrocinia S. Kalaw, at Kgg. Lucena R. Odejar, at sa buong pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 797-T2021 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 07-T2021 ng Barangay ng San Jose, Santa Cruz, Laguna na nagtataas ng halagang P200.00 bilang karagdagang allowance ng mga katulungin ng barangay (BHW, BNS, Barangay Tanod, Admin, Caretaker, Day Care) at halagang P500 para sa BRK kada isang buwan para sa taong 2022.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Sangguniang Barangay ng San Jose, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Enero 31, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
2/18-22